
CPP
NPA
NDP
LUMAHOK SA DIGMANG BAYAN!
MAKIBAKA WAG MATAKOT
AFP
GIAN


XB
Pulang Silangan
Zine - Unang
Edisyon Agosto
2023

# NILALAMAN


I. Pambungad ---------- 1

~~Pang-Kultura ---------- 2~~

Tula (Gawat) ---------- 3

Kalagayang Magsasaka -- 7


II. Solusyon ---------- 9

Pang-Kultura

Kanta (Buhay at Bukid) -- 10

Talasalitaan ---------- 14

Pang-wakas --- 15


# I. Pambungad na Salita




Ang Zine na ito ay inilathala ngayong agosto 26 taong 2023 na naka-patungkol sa kalagayan ng aping uring magsasaka sa Temang "SA PAPALALANG KRISIS AT KAHIRAPAN, SUPORTA'T PAGTATAGUYOD SA DIGMANG BAYAN ANG PANAWAGAN"

NYO BA?

ANG GAWAING PANG-KULTURA NG BHB AY HALAW SA AKTWAL NA KARANASAN NG MASA AT NG BUONG REBOLUSYON!










# G A W A T

(SORAL MALAYA/08-25-23)



Pinolamong Agosto ang panahon ng gawat
Pagitan ng Kawitong paiakot at aniha'y
papalaki ang agwat
Kita ng mga magsasaka't manggagawang
bukid, di na sumasapat
Mga mangingisda, halos wala ng huling
isda ang lambat

Gawat - kung bakit napakasahol at
laganap
Papaano'y mga panginoong may
lupaing mangangamkam ayaw magpa-
awat

Gawat: kung bakit mahalagang
maapuhap
Na 'di ito kapalaran o antas ng buhay
na namamana.
Kung di isang kalagayang itinakda
ng bulok na sistemang panlipunan't
kanyang mga galamay

DENR at pulisya; mga asset sa
baryo't kasundaluhan; programang
importasyon ng bigas, sibuyas at iba
pang produktong agrikultural.
Poste sa mga magkakahoy, magyayantok
magkakaingin at buong uring magsasaka



Gawat- at dahil 'di na lamang
Agosto ang panahon ng gawat
Mga agwat na sari'y namama-
gitan, maglaho na dapat!

ebolusyonaryong mga pagsisikap,
ailangang magsalubong at
sumapat!
ang haligi ng mga kaaway sa
'y magsimulang magkalamat,
nggang sa ito'y lumaki at kumalat!!



At maging posible na ang
pag-agaw, sa pampulitikang
kapangyarihan, at maitayo
ang isang lipunang 'di na
kailangang maranasan ang
GAWAT!

3:38 PM
Sierra Madre



# KALAGAYANG MAGSASAKA!!!

Patuloy na sumisidhi ang krisis sa kagutuman at kahirapan, gayundin ang kawalan ng tiyak na mapagku kunan ng mga batayang panga-ngailangan at kawalan ng lupa ng mga manggagawang bukid at mag sasaka sa pilipinas. Naturingang ang bansa ay lupaing agrikultural dahil sa kakaibang katangian ng mga lupain na kayang buhayin ang iba't ibang klase ng mga pananim. Nasasadlak sa matinding krisis at kahirapan ang uring magsasaka dahil sa sistematikong panunupil at pag-aabandona ng estado






Laganap ang kawalan ng lupa dahil sa ligal na pangangam-kam ng mismong estado kakunt-saba ang uring PML at mga lokal na dayuhan at mga programang kontra-mamamayan gaya ng Land use conversion.

Habang ang kawalan ng sapat na serbisyo, labis na pagtaas ng presyo ng abono, pestisidyo at iba pang kailangan sa produksyon ay nagreresulta ng pag-kasadlak sa utang at pagkalugi ng daang libong magsasaka sa bansa.

# II. ARMADONG PAKIKIBAKA ANG SOLUSYON



-DROWING NI KA ANGEL-

## BUHAY AT BUKID

Ang buhay niya ay bukid
saulayan hawak saglit
munti nyang pangarap
dito na mailibing

* kailan niya ba kaya makikita
ang lupang minana
na maaari nya nang tawaging kanya

Bawat patak na pinaggyaman
Ay pait ng kawalan
sa gitna ng kahirapan
May uring nakinabang
(Ulitin ang *)

Lalaya rin ang lupa at magsasaka
Tutulungan sila ng manggagawa
Babawiin ang lupang inagaw ng iila

# PANAWAGAN!

Sa sumisidhing kalagayan ng buong lipunan dahil sa matinding panunupil ng reaksyunaryong gobyerno at imperyalistang bansa, hindi kailanman binitawan ng Partido ang kanyang tungkuliin sa hanay ng masang lumalaban gayundin ang pagsubaybay nito sa hukbo at pagpapanatili ng mahigpit na pagka-kaisa sa aping uri.

Kaya ang hamon ng PKP ay palakasin at ibayong isulong ang Demokratikong Rebolusyong Bayan. Pala-wakin ang suporta sa mga yunit gerilya lalu na ang lakas-tauhan para sa pagpapataas ng morale ng hukbong nananatiling naninindigan sa pag susulong ng armadong pakikibaka, sampa na!





-RAKEL-






# Rebong Diksyunaryo

- <u>Gawat</u> : Panahon ng matinding kagutuman at kawalang kabuhayan sa malawa na kanayunan. Ito ay sa pagitan n pagtatapos ng panahonng taniman at bago ang anihan.
- <u>Kawitang Palakol</u> : Kasagsagan ng panahon ng gawat ilang araw bago ang anihan.
- <u>PML</u> : Panginoong May Lupa
- <u>Land Use Conversion</u> : Pagpapalit gamit sa lu (Hal. Lupang Sakahan tungong Lupa Residensyal o Komersyal)
- <u>Dibuho</u> : Drowing
- <u>Zine</u> : Koleksyon ng mga maiiksing pyesang pangkultural. Naglala ito ng maiiksing tula, dagli, men drowings atbp






# Pasasalamat

Lubos na pasasalamat ang ipinababatid ng Pulang Silangan: Rebolusyunaryong Pahayagang Mamamayan sa Silangang Gitnang Luson sa lahat ng kasamang nag-ambag para sa pinaka-unang edisyon ng PULANG SILANGAN ZINE na may temang SA PAPALALANG KRISIS AT KAHIRAPAN, SUPORTA'T PAGTATAGUYOD SA DIGMANG BAYAN ANG PANAWAGAN!

Maraming Salamat kay Ka Gian para sa disenyo't pagguhit ng pabalat; kina Ka Silang, Ka Banjo, Ka Jojo at Ka Angel para sa mga dibuho; kina Ka Silang at Ka Jep para sa mga artikulo; kay Ka Soral Malaya para sa tula at sa lahat ng kasamang gumabay para maging posible ang paglalabas ng proyektong ito.

Higit sa lahat, taos puso ang aming pasasalamat a malawak na masang api't pinagsasamantalahan a kanayunan; gayundin sa lahat ng aktibistang nasa sa kalunsuran – ang inyong tuloy-tuloy na agtindig at paglaban ang nagsisilbing inspirasyon amin sa araw-araw na pagsusulong ng Rebolusyon.